

Ota City Navigation



【Gaganapin ang “Ota Fureai Festa 2023”!】



Gaganapin ang “Ota Fureai Festa”.

• **Furusato-no-Hamabe Area**

Ang area na ito ay masigla kung saan may mga stage event at internasyonal na pakikipag-ugnayan sa ilalim ng tema na multiculturalism.

• **Sun Area**

Ang area na ito ay para mag-enjoy ang mga bata, kung saan may mga pagtatanghal ng mga trak ng bumbero at karanasan sa sports.

• **Green Area**

Gaganapin dito ang mga eksibit na may tema ng kapaligiran at mga street performance.



🕒 Nobyembre 4 (Sabado) at 5 (Linggo), 2023
10:00 am – 4:00 pm sa parehong araw,
Ipagpapatuloy ito umulan man o maaraw

📍 Furusato-no-Hamabe Area (Omori Furusato-no-Hamabe Park 1-1 Furusato-no-Hamabe Park, Ota-ku)
Sun Area (Heiwajima Park 4-2-2 Heiwajima, Ota-ku)
Green Area (Heiwa-no-mori Park 2-1 Heiwa-no-mori Park, Ota-ku)

👛 Bayad para sa pagpasok: Libre

📞 Cultural Promotion Division
☎ 03-5744-1226 FAX 03-5744-1539 E-mail bunka@city.ota.tokyo.jp

[Konsultasyon sa tanggapan (kailangan ng appointment) at konsultasyon sa telepono sa Childcare Services Advisor]

- Para sa mga gustong pumasok sa daycare, maaaring kumonsulta kung paano mag-apply, anong uri ng daycare ang available malapit sa inyong tirahan, edad na maaaring pumasok, at pasilidad sa pangangalaga ng bata.
- Konsultasyon sa tanggapan: Mangyaring tumawag sa tanggapan at magpa-appointment sa araw kung kailan ninyo nais pumunta sa Ota City Office.
- Konsultasyon sa telepono: Mangyaring tumawag sa Childcare Services Advisor (walang appointment)

- 🕒 Mula Lunes hanggang Biyernes (maliban sa Pampublikong Holiday)
Oras ng konsultasyon: 8:30 am – 4:00 pm
- 🆓 Libre
- 📄 (Konsultasyon sa tanggapan) Mangyaring tumawag sa tanggapan at magpa-appointment ng araw at oras.
- 📍📞 Nursery Usage Support Section Nursery Services Division
Childcare Services Advisor
3F Ota City Office
☎ 03-5744-1617 FAX 03-5744-1715
*Maaaring komunkula din sa telepono.



[Aplikasyon para makapasok sa public elementary at junior high school ang mga dayuhang nasyonalidad na bata]

Ang mga dayuhang nasyonalidad na bata na gustong pumasok sa public elementary at junior high school sa Abril 2024 ay kailangan mag-apply para sa pagpasok. Balak naming ipadala ang impormasyon para sa pagpasok sa mga karapat-dapat na tao sa unang bahagi ng Oktubre. (Mga karapat-dapat na tao)
Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2017 hanggang Abril 1, 2018 (mga papasok sa elementary school)
Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2011 hanggang Abril 1, 2012 at inaasahang makakapagtapos sa public elementary school (mga papasok sa junior high school)

- 🕒 Ang deadline ay sa Oktubre 23, 2023
- 📄 Ang mga magulang o tagapag-alaga ay dapat dalhin ang kanilang residence card o special permanent resident certificate sa tanggapan na nasa opisina upang isagawa ang mga pamamaraan
- 📍📞 School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division (Nissay Aroma Square 5F)
☎ 03-5744-1429
FAX 03-5744-1536



©Ota City


[Ang Ika-10 Itsutsunowa Fureai Festa]





Ang Itsutsunowa Fureai Festa ay isang lokal na pagdiriwang na inorganisa at pinamamahalaan ng Omori-Higashi Community Association. Nagbabalak kaming magbenta ng frankfurts at oshiruko (sweet red-bean soup) sa mga refreshment booth at magpatakbo ng mga drone, mini train, at trampoline bilang corner para sa mga bata. Bilang karagdagan, balak namin magpatakbo ng mga corporate booth tulad ng ANA, JAL, at Tokyo Monorail, gayundin ang mga health consultation corner. Ang lahat ng tao mula mga bata hanggang matatanda ay masisiyahan dito.

- 🕒 Oktubre 22 (Linggo), 2023
10:00 am – 3:00 pm
(Ipagpapatuloy kahit umambon)
- 📍 Morigasaki Ryokuka-en Lawn Square, Omori-Higashi Branch Office, Morigasaki Kotsu Park, Factory Complex Omori-Minami 4 Chome (Techno FRONT Morigasaki)
- 📞 Omori-Higashi Branch Office
☎ 03-3741-8801
FAX 03-3741-8552
E-mail omorih@city.ota.tokyo.jp

[Impormasyon tungkol sa sistema ng loan-type at grant-type scholarship para sa mga papasok sa unibersidad, atbp.]

Ang Ota City ay nag-aalok ng sistema ng loan-type at grant-type scholarship para sa mga nagbabalak na pumasok sa unibersidad atbp. na nakatugon sa ilang pamantayan. *Mangyaring makipag-ugnayan sa amin tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili.


 Dalhin o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento sa tanggapan ng aplikasyon

-  Unang bahagi ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Nobyembre
-  Grant-type 150,000 yen (isahang pagbabayad bago pumasok sa paaralan)
Loan-type Pampublikong paaralan: Hindi lalampas ng 35,000 yen bawat buwan, Pribadong paaralan: Hindi lalampas ng 44,000 yen
-  Grant-type 50 katao
Loan-type Planong i-anunsyo sa sandaling napagpasyahan
-  ☎ 144-8621 5-13-14 Kamata, Ota-ku
Welfare Management Division Welfare Department Ota City Office
☎ 03-5744-1245 FAX 03-5744-1520

[Tungkol sa pagbabakuna para sa COVID-19]

Sa Ota City, nagsasagawa kami ng pagbabakuna para sa COVID-19. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.




-  Ota City COVID-19 Vaccination Call Center
☎ 03-6629-6342 FAX 03-5744-1574
(Lunes – Biyernes 8:30 am – 5:15 pm)
Ota City COVID-19 Vaccine Multilingual Interpretation Service
☎ 03-6436-4731
(Lunes – Biyernes 8:30 am – 5:15 pm Maliban sa Sabado, Linggo, at public holidays)

[Tungkol sa pagbabayad ng resident tax]

Ang ikatlong deadline para sa pagbabayad ng special ward tax/metropolitan inhabitant tax (resident tax) ay sa Oktubre 31. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ika-apat na deadline ng pagbabayad ay sa Enero 31, 2024. Para sa impormasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.








-  Tax Payment Division
Omori..... ☎ 03-5744-1200
Chofu ☎ 03-5744-1201
Kamata ☎ 03-5744-1202
Sa labas ng Ota City
..... ☎ 03-5744-1203
Sa tanggapan, mangyaring tingnan ang paunawa na iyong natanggap.
FAX 03-5744-1517

[Ang "Ota Citizen's Week" ay gaganapin sa Tokyo Mega Illumi!]

Bukod sa special campaign, iba't ibang event ang gaganapin sa "Ota Citizen's Week" na gaganapin sa "Tokyo Mega Illumi", isang illumination event ng Oi Racecourse.



-  Disyembre 9 (Sabado) - 15 (Biyernes), 2023 4:30 pm - 9:00 pm
*Huling pagpasok ay 8:00 pm
-  Oi Racecourse (2-1-2 Katsushima, Shinagawa-ku, Tokyo)
-  Klasipikasyon: Advance ticket para sa ispesipikong petsa o Same-day ticket
*Libre para sa mga hindi pa pumapasok sa paaralan
*Ang welfare discount ticket ay binibente sa tanggapan sa mismong araw ng kaganapan
-  Maaaring bumili ng advance ticket sa ticket site o convenience store at ng same-day ticket sa venue sa mismong araw ng kaganapan
-  Tokyo Mega Illumi Management Office ☎ 03-3762-5230

[Klase sa wikang Hapon para sa mga kabataan ng Ota]

Klase sa wikang Hapon para sa mga batang may dayuhang nasyonalidad at iba pa na hindi pumapasok sa paaralan.

Para kanino

Mga bata na nalalapat sa lahat mula ① - ③

① Mga batang naninirahan sa Ota City ② Mga batang nasa school age bago pumasok sa paaralan (6-15 taong gulang) ③ Mga batang walang kakayahan sa wikang Hapon at hindi pumapasok sa pampublikong paaralan sa Ota City.



©Ota City

● Silid-aralan sa Kamata

🕒 Lunes, Martes, Huwebes 9:00 am – 12:00 pm

📍 Ota International Exchange Center (Minto Ota)
Address: 2F, 4-16-8 Kamata, Ota-ku

🚪 Libre 🧑 20 katao

📄 Maaaring direktang pumunta o tumawag sa front desk

📞 Legato Ota
☎ 03-3731-3831 FAX 03-5710-6330

🌐 Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail mail@ota-goca.or.jp

● Silid-aralan sa Omori

🕒 Lunes, Miyerkules, Biyernes 9:00 am – 12:00 pm

📍 Ota City Sanno Hall, International Exchange Facility
Address: 3-37-11 Sanno, Ota-ku sa loob ng International Exchange Facility

🚪 Libre 🧑 10 katao

📄 Maaaring direktang pumunta o tumawag sa front desk

📞 Nihongo Gururitto
☎ 070-1404-8738 FAX 03-5709-1347



["Internasyonal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng Ota sports" (Futsal🏆)]

Bakit hindi mo subukan ang internasyonal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng sports? Gaganapin ang "Internasyonal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng Ota sports" (Futsal🏆) upang hikayatin ang pakikipag-ugnayan ng mga kabataang Hapon at dayuhan na nakatira, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Lungsod ng Ota. Halika't lampasan natin ang hadlang sa nasyonalidad at wika, at tamasahin ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng sports! Maaaring lumahok ang mga mahilig sa Futsal, mga baguhan sa Futsal, o mga hindi magaling sa sports!



🕒 Disyembre 10 (Linggo), 2023
1:00 pm – 4:00 pm

📍 Showajima 2-Chome Park Futsal Field, Youth Soccer Field

🚪 Libre

🧑 Mga 15 katao

📄 Website ng Global City Ota Cooperation Association (GOCA)

🌐 Global City Ota Cooperation Association

☎ 03-6410-7981
FAX 03-6410-7982

E-mail mail@ota-goca.or.jp



Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyū Zoshiki.

Inilathala Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan



▼ Multilingual Consultation Desk

